



Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
Municipality of Roxas

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINAPI SA KATITIKAN NG REGULAR NA SESYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG
ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG SETYEMBRE 15, 1997, IKA-
9:00 NG UMAGA X SA BUTWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Jesus H. Dimapilis	- Tagapangulo
Kagawad Cesar T. Baticon	
Kagawad Ferdinand V. Talene	
Kagawad Angeles D. Bautista	
Kagawad Ramil O. Dimapilis	
Kagawad Jesus S. Dela Cruz	
Kagawad Ramulfo C. Bernal	
Kagawad Juanito A. Bacay, Jr.	
Kagawad Honesto O. Taytay	
Kagawad Eduardo G. Villamin	- ABC President
Kagawad Randy P. Valencia	- SK Chairman

Hindi Nakadalo:

W A L A

KAPASYAHAN BLG. 062
Tsong 1997

KAPASYAHANG NAPITAGANG HUMITILING SA KGO, GOBERNADOR
RODOLFO G. VALENCIA NG PAGPAPAAAYOS NG MGA SIRANG
BAHAGI NG SAN AQUILINO-ONTONG-PACLASAN BEACH ROAD
SA ROXAS, SILANGANG MINDORO.

SAPAGKA'T ang mga lansangan at mga daan ay mahalagang paktor at
tulong pangkaunlaran sa isang pamayanan kung kaya't ang
kamayusan nito para sa patuloy na serbisyo ay dapat mapana-
tili at mapagpatuloy ng mga kinaukulan;

SAPAGKA'T sa kasalukuyan, ang mga lansangan sa bayan ng Roxas, lalo
na ang mga daang panlalawigan ay maraming bahagi na ang
sira lalo na ang nagmumula sa Barangay San Aquilino
patungong Barangay Paclasan;

SAPAGKA'T dahil sa kasiraan ng mga bahagi ng lansangang ito,
maraming aksidente ang nangyayari at nagiging panganib sa
buhay at pag-aari ng mga mamamayan;

SAPAGKA'T ang mga motorista ay nagpaabot na rin ng kanilang reklamo
sa mga namumuno ng barangay at ng bayang ito dahil sa
nasisira ang kanilang mga sasakyan, nababawasan ang
kanilang kinikita at nalalagay sa kapahamakan ang kanilang
buhay at mga pasahero;

SAPAGKA'T ang ganitong kalagayan ay napitagang ipinaabot sa mga
kinaukulan upang mabigyan ng maagap na pag-aksyon sa
panahong ito o maisama sa badyet ng 1998;

SAPAGKA'T ang karaingang ito ay napitagang itinatukoy sa Kgo.
Gobernador Rodolfo G. Valencia upang bigyang-pansin at

geer

Refined

matugunan sa lalong madaling paraan ang pangangailangan
ng mga mamamayan.

BAHIL DITO, sa mungkahi ni Kagawad Eduardo G. Villamin na himang-
ayunan nina Kagawad Jesus S. Dela Cruz, Kagawad Ramil O.
Dimapilis at Kagawad Cesar T. Baticos -

IPINASYA, tulad ng pagpapasyang ito na mapitagang hilingin sa Kgg.
Gobernador Rodolfo G. Valencia ang pagpapasyon ng mga
sirang bahagi ng panlalawigang lansangan San Aquilino-
Paclasan Beach Road sa bayang ito ng Roxas, Silangang
Mindoro.


IPINASYA RIN na padalhan ng sipi ng kapansyahan ito ang Kgg.
Sangguniang Panlalawigan at ang Panlalawigang Tangkapan ng
Inhenyero, Calapan, Silangang Mindoro para sa mahalagang
suporta sa kahilingang ito.

Pinagtibay: 15 Setyembre 1997


PINATUTUNAYANG WASTO:


VIOLETA P. FUENTES
Kalihim ng Sanggunian

PINATUTIBAYAN:


JESUS M. DIMAPILIS
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapangulo

PINAGTIBAY:


CELACIO I. YASON
Punong Bayan

teffaina/
091897